



Nagpapagamit ba sa pulitiko ang iyong barangay at SK councils?

Ibang klase rin ang ilang pulitiko. Para manalo sa mga darating pang eleksyon, "nag-aalaga" diumano sila ng mga kapitan, kagawad, opisyaes ng barangay, at pati raw mga opisyaes ng Sangguniang Kabataan (?!?). Binibigyan ng pabor, pondo, personal na allowance, sasakyan, atbp. ang inyong mga leader nang sa gayo'y makuha ang suporta nila kung kailangan na.

Ito'y maliwanag na pag-abuso sa posisyon. Hindi ito dapat payagang mangyari ng barangay dahil maliwanag ring ipinahihwatig ng Sec. 38 ng Omnibus Election Code na walang kandidato para sa konseho ng barangay "shall represent or allow himself to be represented as a candidate of any political party or any other organization." Ang tanging responsibilidad nila ay ang pagsilbihan ang kanilang komunidad -- na kinabibilangan mo.

May kahati ka ba sa atensyon ng iyong barangay? May sariling desisyon ba ang mga napili mong iboto?

PAG-ISIPANG MABUTI.

Isang paaalaala mula sa **NAMFREL** para sa 2010 Barangay at Sangguniang Kabataan (SK) Elections



Nagpapagamit ba sa pulitiko ang iyong barangay at SK councils?

Ibang klase rin ang ilang pulitiko. Para manalo sa mga darating pang eleksyon, "nag-aalaga" diumano sila ng mga kapitan, kagawad, opisyaes ng barangay, at pati raw mga opisyaes ng Sangguniang Kabataan (?!?). Binibigyan ng pabor, pondo, personal na allowance, sasakyan, atbp. ang inyong mga leader nang sa gayo'y makuha ang suporta nila kung kailangan na.

Ito'y maliwanag na pag-abuso sa posisyon. Hindi ito dapat payagang mangyari ng barangay dahil maliwanag ring ipinahihwatig ng Sec. 38 ng Omnibus Election Code na walang kandidato para sa konseho ng barangay "shall represent or allow himself to be represented as a candidate of any political party or any other organization." Ang tanging responsibilidad nila ay ang pagsilbihan ang kanilang komunidad -- na kinabibilangan mo.

May kahati ka ba sa atensyon ng iyong barangay? May sariling desisyon ba ang mga napili mong iboto?

PAG-ISIPANG MABUTI.

Isang paaalaala mula sa **NAMFREL** para sa 2010 Barangay at Sangguniang Kabataan (SK) Elections



MGA DAPAT TANDAAN:

1. Ang botohan at bilangan para sa 2010 Barangay at SK Election sa Oktubre 25 ay **MANUAL**. Ang ibig sabihin po'y isusulat isa-isa sa balota ang mga pangalan ng nais iboto.
2. Alamin kung saan ang inyong presinto bago pa man dumating ang araw ng eleksyon.
3. Bumoto ng maaga. Magsisimula ang botohan ng **alas-7 ng umaga**, at matatapos ng **alas-3 ng hapon**. Inaasahang marami ang botante sa bawat presinto dahil sa clustering ng precincts at sa pagdagdag ng SK voters. Pumila ng maayos.
4. Isulat ng malinaw ang **kumpleto at totoong pangalan** ng mga napiling kandidato. Iwasang magkamali o magbura, at ingatang huwag magkarumi ang balota.
5. Panatiliing sikreto ang pagboto. Gawin ito nang mag-isa, at huwag ipakita ang balota sa katabi.
5. Pagkaboto, huwag subukang tanggalin ang indelible ink sa daliri. **Tanda ito ng pagiging isang mabuting mamamayan.**
6. **Bantayan** ang bilangan. Kung maari ay mag-volunteer na election watcher. Magdala ng flashlight o kandila kung sakaling mag-brownout. Magmanman sa paligid. Huwag hayaang guluhin ninuman ang eleksyon dahil **ang pagboto ay sagrado**.

Dayaan? Iregularidad? Ibigay sa amin ang detalye sa www.namfrel.org.ph. Puwedeng mag-attach ng mga litrato, video, at dokumentong pagpapatunay.



National Citizens' Movement for Free Elections
Unit 601 DMG Center, Libertad cor. Calbayog St., Mandaluyong City
T - 02.4847590 / M - 0927.9611524 / 0919.3389344
www.namfrel.org.ph
bantayngbayan@namfrel.com.ph

MGA DAPAT TANDAAN:

1. Ang botohan at bilangan para sa 2010 Barangay at SK Election sa Oktubre 25 ay **MANUAL**. Ang ibig sabihin po'y isusulat isa-isa sa balota ang mga pangalan ng nais iboto.
2. Alamin kung saan ang inyong presinto bago pa man dumating ang araw ng eleksyon.
3. Bumoto ng maaga. Magsisimula ang botohan ng **alas-7 ng umaga**, at matatapos ng **alas-3 ng hapon**. Inaasahang marami ang botante sa bawat presinto dahil sa clustering ng precincts at sa pagdagdag ng SK voters. Pumila ng maayos.
4. Isulat ng malinaw ang **kumpleto at totoong pangalan** ng mga napiling kandidato. Iwasang magkamali o magbura, at ingatang huwag magkarumi ang balota.
5. Panatiliing sikreto ang pagboto. Gawin ito nang mag-isa, at huwag ipakita ang balota sa katabi.
5. Pagkaboto, huwag subukang tanggalin ang indelible ink sa daliri. **Tanda ito ng pagiging isang mabuting mamamayan.**
6. **Bantayan** ang bilangan. Kung maari ay mag-volunteer na election watcher. Magdala ng flashlight o kandila kung sakaling mag-brownout. Magmanman sa paligid. Huwag hayaang guluhin ninuman ang eleksyon dahil **ang pagboto ay sagrado**.

Dayaan? Iregularidad? Ibigay sa amin ang detalye sa www.namfrel.org.ph. Puwedeng mag-attach ng mga litrato, video, at dokumentong pagpapatunay.



National Citizens' Movement for Free Elections
Unit 601 DMG Center, Libertad cor. Calbayog St., Mandaluyong City
T - 02.4847590 / M - 0927.9611524 / 0919.3389344
www.namfrel.org.ph
bantayngbayan@namfrel.com.ph